PINAGHAHANAP NG FBI

JOSEPH WAYNE MCCOOL

Pagsasapakatan upang Gumawa ng Pandaraya sa Pahatid-kawad; Pandaraya sa Pahatid-kawad

PAGLALARAWAN

Mga Palayaw: Joe McCool, Loe Wayne McCool	
Ginamit na (mga) Araw ng Kapanganakan: Oktubre 3, 1947	**Lugar ng Kapanganakan:** Myrtle Point, Oregon
Buhok: Kulay abo	**Mata:** Kulay asul
Taas: 6'2"	**Timbang:** 230 libra
Kasarian: Lalaki	**Lahi:** Puti
Trabaho: Hindi alam	**Kabansaan:** Amerikano
Mga Peklat at Mga Marka: Si McCool ay mayroong peklat sa kanyang kanang tuhod at kanang pulso	**NCIC:** W253072313

PANGUNGUSAP

Si McCool ay maaaring naninirahan sa Pilipinas.

BABALA

Si Joseph Wayne McCool ay pinaghahanap dahil sa kanyang pinaghihinalaang pagsangkot sa isang *Ponzi scheme* na ang himpilan ay nasa Mesa, Arizona. Minsan noong bago mag Pebrero 2004, si McCool ay pinaghihinalaang nakipagsabwatan sa dalawa pang mga tao, na noon pa ay mga naaresto na, upang magpatakbo ng *The Brixon Group, Ltd.*, na humingi sa pamamagitan ng panlilinlang ng milyon-milyong dolyares sa publiko. Si McCool ay humingi at pinilit ang mga miyembro ng publiko na mamuhunan ng humigit kumulang na sampung milyong dolyares sa *Brixon* sa

pamamagitan ng paggawa ng mapanlinlang at nakalilitong mga representasyon ukol sa kung papaano dapat gamitin ang mga salapi, mga halaga ng tubo, ang seguridad ng mga pamumuhunan, at ang kani-kanilang mga katangian upang magsagawa ng ganitong mga pamumuhunan.

Iniulat, na nangako si McCool sa mga namumuhunan na ang kanilang salapi ay ipupuhunan sa mga programa ng Europa sa pamumuhunan at gagamitin para sa mga reserba sa mataas na ani sa pagseguro sa portpolyo ng mga pamumuhunan ng kompanya. Napagsabihan ang mga namumuhunan na ang *Brixon* ay maglilikha ng sampung porsiyentong tubo buwan-buwan. Napangakuan din ng hindi totoo ang mga namumuhunan na hindi mawawala ang kanilang pangunahing pamumuhunan sa dahilang ang pangunahin ay isineguro ng *State Bar of California*. At saka, si McCool ay kumakatawan sa mga namumuhunan bilang isang dalubhasa ukol sa bangko na matagumpay na namahala ng isang malaking pribadong tiwala sa Europa bago siya nagpatakbo ng *Brixon*.

Bukod pa rito, iniulat na si McCool ay nabigong ibunyag sa mga namumuhunan na hindi siya namuhunan ng salapi para sa kapakanan ng mga namumuhunan; sa halip, di-umano niyang pinalitan ang malaking bahagi ng mga naipuhunang salapi para sa kanyang pansariling gamit at ginamit niya rin ang mga bagong pondo na natanggap ng *Brixon* upang ibayad sa mga naunang namumuhunan. Bukod pa rito, ang mga salapi ng mga namumuhunan ay hindi naka seguro laban sa pagkawala. Tumugon si McCool sa pagsasalaysay sa mga namumuhunan na ang salapi ay nakatali sa Europa dahil sa *Patriot Act* ng Estados Unidos at iba't ibang mga suliranin sa internasyonal na pagbabangko.

Noong Mayo 11, 2006, isang mandamyento para sa pederal na aresto ay ibinigay ng *United States District Court for the Southern District of California* pagkatapos na makasuhan si McCool ng pagsasapakatan upang gumawa ng pandaraya sa pahatid-kawad at pandaraya sa pahatid-kawad.

Kung mayroon kayong impormasyon tungkol sa taong ito, mangyaring makipag-ugnay sa lokal na tanggapan ng FBI o sa pinakamalapit na Embahada or Konsulado ng Amerika.

Lugar ng Tanggapan: San Diego